# {Sasabihin sa tagatangkilik ng Qur'ān: "Bumasa ka, umakyat ka, at bumigkas ka kung paanong ikaw noon ay bumibigkas sa Mundo sapagkat tunay na ang antas mo ay nasa kahuli-hulihang talata na babasahin mo."}

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Sasabihin sa tagatangkilik ng Qur'ān: "Bumasa ka, umakyat ka, at bumigkas ka kung paanong ikaw noon ay bumibigkas sa Mundo sapagkat tunay na ang antas mo ay nasa kahuli-hulihang talata na babasahin mo."}

[Maganda] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sasabihin sa tagabasa ng Qur'ān, na tagagawa ng nasaad dito, na tagapanatili rito sa pagbigkas at sa pagsasaulo, kapag pumasok siya sa Paraiso: "Bumasa ka ng Qur'ān, umakyat ka sa pamamagitan niyon sa mga antas ng Paraiso, at bumigkas ka gaya ng ikaw noon ay bumibigkas sa Mundo sa pamamagitan ng pagbasa rito nang may paghihinay-hinay at kapanatagan sapagkat tunay na ang katayuan mo ay nasa kahuli-hulihang talata na babasahin mo."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee